

CHAPTER ONE

1998.

Kasalukuyang abala si Agnes sa trabaho sa kanyang private office na matatagpuan sa *MGC Building* sa Makati nang may kumatok sa pinto.

“Come in!” Ibinaba niya ang spectacles sa mahogany table. Her expression was formal and cold like a typical shrewd executive. Beinte-nueve lang siya pero nagmukha siyang mas matanda dahil sa aura na may kasungitan, idagdag pa ang pressure ng ilang taong pamamahala sa negosyong pinagtulungan nilang ipundar ng kanilang Auntie Mae at ngayon nga ay katulong na rin ang kanyang kapatid. Siya na ang may-ari at presidente ng Montevera Group of Companies at ang kanilang auntie na matanda na ay nasa Europa. Doon na ito naninirahan pagkatapos ipaubaya sa kanila ang mga negosyo. Mula sa isang bakeshop nito, di birong pagod at pera ang ipinundar nila upang maitayo ang iba’t iba pa nilang negosyo sa kasalukuyan. May ilang branch na sa Pilipinas ang bakeshop pati na ang milling business. Sa madaling salita, mayaman na sila ulit.

Pumasok sa malaki at modernong opisina ang isang matandang lalaking nakabarong Tagalog at may dalang attaché case. Makapal ang grado ng salamin nito at kalbo na.

Pamilyar kay Agnes ang mukha nito nang maalala ang appointment niya rito. Ito ang abogado ni Don Alejandro na siyang bumasa noon sa testamentong naiwan ng ama nila. Tumayo siya at walang kangiti-ngiting inilahad ang kamay sa matanda. “Good afternoon,” bati niya.

Ngumiti ito. “Good afternoon. I’m Atty. Danilo Flores. Ikaw si—”

“Miss Angeles de Padua Montevera, remember?” aniya at naglakad pabalik sa high-back swivel chair. Sinenyasan na niyang maupo ang abogado sa visitor’s chair.

Napatangu-tango ito. “Yes, yes, naaalala pa kita. Hindi ako makapaniwalang ang panganay na anak ni Alejandro ay dalagang-dalaga na. You’ve grown up so fast and I hardly recognized you!” sinserong pahayag nito.

“Why? Hindi mo ba inaasahan na ang dating batang iniwang walang-wala ng kanyang ama ay magiging ganito kayaman, Attorney?” sarkastikong sabi niya.

Natigilan ang matanda. “Don’t get me wrong, Hija. Hindi ‘yon ang pakahulugan ko kanina. What I meant was—”

“Enough! There’s no need for you to explain. Hindi kita pinapunta rito para pag-usapan natin ang mga paghihirap ko nang mga nagdaang taon. Narito ka para sabihin sa akin kung ano na ang nangyari sa aming hacienda, hindi ba?” Saglit na napatitig ang abogado. “Now, start talking,” utos niya.

Binuksan ni Atty. Flores ang may kalumaang attaché case at kinuha mula roon ang ilang naninilaw nang papeles. Naalala ni Agnes na iyon ang testamento ng kanilang ama. “Well—” panimula nito na kaagad niyang pinutol.

“As far as I can remember, lubog sa utang ang Papa dahil sa sugal at ginawang pambayad-utang ang hati-hating parte ng aming hacienda. Nasisigurado kong napunta ‘yon sa iba’t ibang tao. Hindi ba, Attorney?” Hindi pagtatanong iyon kundi kasiguraduhan.

“Totoo pero hindi na ngayon.”

Natigilan siya at napakunot-noo. “What do you mean?”

“Simple. Ang lahat ng inyong lupain na isinanla ng inyong ama sa sugal ay binayaran na ng isang tao

at sa ngayon ay sila na ang kasalukuyang nagmamamay-ari ng buong *Hacienda Montevera*."

Napakapit siya sa mesa at halos magsalubong ang mga kilay niya sa pagkabahala. "W-who... who bought the hacienda?"

Binuklat-buklat pa ng abogado ang papeles saka muling nagsalita. "Hmm... nakasaad dito na ang nakabili ng buong lupain ay si Don Juan Ignacio Guevarra."

Parang bombang sumabog sa kanyang pandinig ang sinabi nito. Bawat araw ng kanyang buhay ay lagi niyang naaalala ang pangalan ng taong kinasusuklaman. "Guevarra," madiin at mahinang bigkas niya na nakaabot sa tainga ng abogado.

Napatangu-tango ito. "Siyang-siya, Miss Montevera. Binili niya ang hacienda ninyo sa halagang limampung milyon."

"Fifty million?" Napamulagat siya at napakuyom ng kamay. Sa lahat naman ng tao sa mundo, bakit kailangang ang mortal niyang kaaway ang makabili ng kanilang lupain? No, I can't let him get away with this!

"Ibinenta ng mga pinagkakautangan ng papa mo ang bawat parte ng hacienda kay Ignacio dahil karamihan sa kanila ay di alam ang gagawing

negosyo para sa lugar na 'yon; binili niya ang buong lupain maliban sa villa kaya sa ngayon ay nasa kanya na ang titulo ng lupa," salaysay ng abogado.

Nanlilisik ang mga mata ni Agnes. "Bakit hindi mo kaagad ipinaalam sa akin ang tungkol sa bagay na 'yan, Attorney? Hindi dapat napunta sa mga Guevarra ang hacienda namin. Amin 'yon, naiintindihan mo? Amin!" gigil na gigil niyang saad. Kinabahan ang abogado sa nakikitang animosity at fury sa kanyang mga mata. Magpapaliwanag sana ito ngunit pinigilan niya. "You can leave now, Attorney. Walang saysay ang makipag-usap pa sa 'yo. Ipinagkatiwala pa naman ng Papa sa 'yo ang mahahalagang papeles at ang aming yaman. Wala kang silbi! Get out!"

"B-but, Miss Montevera, I did not—" Hindi na nito naituloy ang sasabihin dahil itinuro niya ang pinto.

"I said, get out! Or else I'd get rid of you my way," banta niya na umabot sa sukdulan ang init ng ulo. "Kayang-kaya kitang ipahulog sa building na ito, Attorney. Hindi mo ako kilala."

Dali-daling isinara ng abogado ang attaché case kahit na nagkaipit-ipit ang mga papeles na nasa loob niyon at tarantang lumabas nang walang paalam.

Nagtataka at kinakabahan ito sa nakitang reaksyon niya. Kasasara pa lang nito ng pinto nang makarinig ng kalabog na parang may ibinato sa pinto, kasunod niyon ang pagtili ng babae. Napakamut-kamot sa ulo ang abogado sa pagtataka.

Sa loob ng silid ay namumula sa matinding galit at nakakuyom ang mga kamay na nakatayo si Agnes pagkatapos ihagis ang budget report sa pinto. She was furious! Alam niyang kapag tumagal pa ang abogado sa kanyang opisina ay masasakal niya ito kaya minabuting paalisin na ito. He ruined her day!

“Guevarra.... You’ll pay for this!” Halos guhit na lang ang mga mata niya sa paniningkit. Ang papel na pinapatungan ng kamay ay nilamukos at kasunod niyon ay ang pagbagsak ng mga gamit sa bawat sulok ng opisina.

Kinabahan ang sekretaryang nasa labas nang marinig ang galit na tili ng amo.

“WAIT HERE. Pupunta lang ako sa powder room,” paalam ni Gabriella sa kaibigan. Tumango si Cristina at sinundan na lang siya ng tingin.

Inikot ng tingin ni Cris ang loob ng restaurant kung saan nila pinag-usapan na magkita dahil every Saturday ay lumalabas sila. Kung saan-saan sila

nakakarating sa pagsa-shopping at pamamasyal. Laging si Gaby ang taya dahil si Cris ay galing lang sa mahirap na pamilya. Nagkakilala sila sa kolehiyo at naging magkaibigan sa kabila ng kahirapan nito. Through the years, siya pa rin ang best friend ng dalaga and she loved her for that.

Kampante itong nakaupo sa isang corner nang pumasok ang dalawang tao sa loob ng restaurant. Napamulagat ito sa nakita and felt so angry that her blood rose to her face. She could never forget the face of the man lalo na ang kasama nitong babae.

Ang lalaki ang current boyfriend ni Gaby na si Stephen at ang kasama nitong babae ay si Olivia na kilalang bargirl sa isang sikat na club sa Makati. Sa tingin ni Cristina ay hindi lang basta magkasama ang dalawa. The way the woman clung to Stephen like a snake na para bang makakawala ang lalaki rito, hindi maikakailang may relasyon ang dalawa. *Bitch!* sa isip nito. *And Stephen, you're a bastard!*

Mangani-nganing sugurin nito ang dalawa at hindi bale nang mag-eskandalo ito. But she held on to her self-control para kay Gaby. Heavens! She was sure her friend would be devastated once malaman niyang ang boyfriend ay may kasamang ibang babae and to think na nasa iisa lang silang restaurant!

Nag-iisip pa ito kung ano ang dapat gawin nang makitang papalapit na rito si Gaby galing sa powder room. Nakangiti ang kaibigan, unaware of the disgusting truth and Cris felt guilty about it. She took a few deep breaths to calm herself.

Para namang nabasa ni Gaby ang nakikitang pagkabalisa ni Cris. She frowned. "What's the matter?" tanong niya.

Bago pa siya makapagsalitang muli ay tumayo na si Cris at kinuha ang handbag nito. Mahigpit siya nitong hinawakan sa kamay at hinila papalabas ng restaurant. Lalo lamang siyang naguluhan at tumigil sa paglalakad.

"Hey, slow down. Bakit ba nagmamadali ka diyan na para kang nakakita ng multo?" aniya.

Napilitan itong humarap sa kanya. "Basta. Lumabas na tayo dito," matigas nitong sabi.

Pumiksi siya. "We're not leaving until you tell me what's going on," she whispered, but there was determination and finality in her voice. Ipinagpasalamat ni Cris na medyo tagong bahagi ang kinatatayuan nila, kung di ay baka makita sila ng mga tao. Pinagkrus ni Gaby ang mga braso sa kanyang dibdib habang hinihintay ang sagot ng kaibigan.

"Aw, c'mon, Gaby! Kailangan ko pa bang mag-

explain sa 'yo kung bakit ako nagmamadali?" *What you don't know won't hurt you*, naisip nito. But before she could protest again, Gaby dragged her back to their table. Nahalata niyang palinga-linga ang tingin ni Cris sa paligid. She looked around and it was too late para balaan siya ng kaibigan—she saw with her two eyes the reason why her friend looked terribly upset. Sabay pa silang napahugot ng hininga nang makita sina Stephen at Olivia, magkatabi; nakaakbay ang lalaki at ang kamay ni Olivia ay nasa lap nito.

For a minute, all that Gaby felt was anger. She had to admit, kumulo rin ang dugo niya sa nakita. However, she did not feel jealous; hindi niya naramdamang gusto niyang sugurin ang dalawa at mag-hysteria. Mas naging pormal pa siya na para bang walang nangyari, but her eyes were as cold as ice. Kabaligtaran iyon sa inaasahan ni Cris mula sa kanya.

Pero na-misinterpret nito ang nakitang reaksyon. Akala nito ay sinusubukan lang niyang kumalma, but deep inside, she was furious.

Humarap si Gaby sa kaibigan and sat back on her chair. "So, that's what you've been trying to hide from me," aniya.

Napakagat-labi ito. "G-Gaby," she stammered,

“take a hold on yourself.”

Napakunot-noo siya. “What?”

“I mean, stay cool. I know you’re hurt pero—”

Hindi niya ito pinatapos. “Are you serious? Bakit ako masasaktan?” takang tanong niya.

Nanlaki ang mga mata nito sa reaksiyon niya at napahawak sa kanyang kamay. “Hindi ka nagseselos o nagagalit man lang sa nakita mo? He’s dating another girl, don’t you realize that?” she asked, trying to shake some sense into her.

“Jealous? No. Nagagalit? Siyempre, natural na reaction iyon. At alam ko ring may kasamang babae si Stephen, si Olivia. But who cares? They can both go to hell.” Nagkibit-balikat pa siya.

Ilang segundong hindi nito nakuha ang mga sinabi niya bago napailing-iling. “For the love of God! I thought you’d go mad with fury! But you don’t seem to care at all.”

“Well, ano ba’ng mapapala ko kung aawayin ko silang dalawa o di kaya’y mag-iiyak diyan dahil pinagtaksilan ako ng nobyo ko? There’s no use crying over spilled milk,” aniya na ang tinutukoy ay si Stephen.

“I thought you loved him.”

Napakibit-balikat siya. “Na-realize ko lang na

hindi siya ang tipo na mamahalin ko. Let's just say he's one of my lousy ex-boyfriends. I deserve better a man," aniya.

Cris nodded several times. "Buti naman alam mo. Noon pa nga kita gustong balaan na huwag mong sagutin si Stephen. Tingin ko nga sa kanya n'ung una, walang ipinagmamalaki kundi ang hitsura niya," mataray na pahayag nito.

"Men! They're all after the same thing. They annoy me with their lust. They're despicable!" Itinanim na niya sa utak ang bagay na iyon simula pa pagkabata. Hindi niya naramdaman kailanman ang pagmamahal ng isang ama kaya di niya alam kung paanong magmahal ang mga lalaki. Pero kahit pa siguro minahal siya ng ama, nothing could change her impression of men. Maybe she was born to be a man-hater. Iisa ang kulay nila: they were born to hurt women. That does not mean na napaiyak na siya ng isang lalaki. She would never give her heart to any man enough to give him the power to hurt her. Cynical ang attitude niya sa mga lalaki although nakikipagrelasyon siya.

"Hindi naman lahat," ani Cris na parang nabasa ang kanyang iniisip.

"Are you saying something?" Napataas ang kilay

niya.

“I said, hindi lahat ng lalaki ay katulad ng deskripsyon mo kanina. Some may be rude and unfaithful pero sinasabi ko sa ‘yo, may mga lalaki who love to pamper women. Mark my words, masarap silang magmahal.” Parang nangangarap ito nang gising nang sabihin iyon.

Muling tumaas ang kilay ni Gaby. “Nasasabi mo lang ‘yan dahil hindi ka katulad ng ibang kaibigan natin na matapos magmahal at pagkatiwalaan ang mga lalaki, eh, basta-basta na lang iniiwan at ipinapalit sa iba. At isa pa, alam mong mahal na mahal ka ng William mo pero ang iba, pinaglalaruan nila ang mga babae.”

“That’s why you don’t trust men, gan’on ba?”

“Yes, Darling,” sagot niya.

“And you don’t want to love one either,” Cris smiled.

She frowned again. “Are you saying na hindi ako marunong magmahal?”

Umiling ito. “You have a great deal of love to give. But you’re just too afraid to share that with someone.”

Umikot ang mga mata niya in exasperation. “Let’s stop this silly conversation. Wala—”

Cris cut her off. “No, listen first. Promise me that once you’ve found your knight and fell in love with him, let me know. Promise me, Gaby.”

Halos magdikit na ang mga kilay niya. “Are you nuts?”

“I’m serious. At kapag na-in love ka na, malalaman mo na mali ang iniisip mo sa mga lalaki.” Animo’y nakakasigurado na ang kaibigan sa mga pinagsasabi nito.

“Fine! Then I won’t fall in love,” Gaby vowed.

Lihim na napangiti si Cris. “Like hell you won’t.”

CHAPTER TWO

Jsang humaharurot na *Ferrari* ang pumasok sa bakuran ng mansyon ng mga Montevera. Napatayo sa upuan ang nagbabasa ng documents na si Gaby nang marinig ang ingay. Nasisigurado niyang sa kanyang ate ang kotseng iyon at galit ito. Dumungaw siya sa bintana mula sa kanyang kuwarto sa second floor at nakita ang mga takot na mukha ng ilang katulong at ang kanilang guwardya na kakamut-kamot pa ng ulo habang isinasara ang gate. Nasinghalan na naman ng ate niya ang mga ito.

Nagmadali siya sa pagbaba upang salubungin ang kapatid. Nasa gitna pa lang siya ng hagdan nang marinig ang iritadong sigaw nito. Ano na naman ba ang problema ng kanyang ate?

“Dina! ‘Yung mga gamit ko, kunin mo sa compartment ng kotse. Bilisan mo!” sigaw ni Agnes, her mood as black as night.

Napailing-iling si Gaby at sinalubong ito. “Hindi na kita babatiin ng good evening dahil mukhang hindi maganda ang gabi mo.”

Initsa nito ang blazer na suot sa sofa. "Sinabi mo pa!" inis na bulong nito.

"Now tell me, what's the matter this time? May problema ba sa opisina?" concerned na tanong niya.

"It's none of your damned business!" Ipinahinga nito ang pagal na katawan sa malambot na sofa at ipinikit ang mga mata.

"Lalaki ba'ng problema?"

Napamulat ito at galit siyang tiningnan. "At kailan naman ako nagkaproblema sa lalaki, aber? Hindi ko sila kailangan sa buhay ko," anito.

"Okay, sorry for bringing that up. Wala ka nga palang interes sa lalaki." *Just like me*, naisip niya. "Eh, ano ba talaga ang problema mo?" pangungulit pa niya.

Imbis na sumagot ay tumayo ito at nilampasan siya. "Next time ko na lang sasabihin sa 'yo kapag nakaisip na ako ng solusyon," pagod nitong tugon.

Kumibit-balikat siya. "I thought so. Ganyan ka naman, eh. You never tell me your problems. Sasabihin mo lang kapag tapos na. You never trusted me. I can be of help to you, Ate."

Agnes rolled her eyes to show irritation. "Oh, c'mon, Gaby! Hindi tayo pinalaking close sa isa't isa, alam mo 'yan. At isa pa, bakit ko ipapakita sa 'yo ang

weaknesses ko? Weaknesses should be concealed," anito.

She was hurt by her sister's words. Totoo iyon; malayo ang loob niya sa kapatid. Masyado kasi itong perfectionist, demanding at ni hindi marunong mag-appreciate ng mga bagay na ibinibigay niya. All her life, ganoon ang kalakaran nila. Madalas siyang nagbibigay ng kung anu-ano na tinatanggap nito pero hindi ito nagpapasalamat sa kanya or ngumingiti man lang para ipakita ang kahalagahan niya rito. She tried and did everything to please her but she always failed. Si Auntie Mae lang ang mabait at thoughtful sa kanya. Alam niyang may malambot ding bahagi ng puso ang kapatid; ayaw lang nitong ipakita.

Napabuntunghininga siya at akmang tatalikod nang mag-ring ang telepono. Bago pa niya madampot iyon ay naunahan na siya ng kanyang ate na nakatayo sa tapat ng telepono.

"Yes?" kaagad na sagot nito na hindi man lang nag-hello o nag-good evening sa nasa kabilang linya. Sandaling katahimikan, mayamaya ay humarap ito sa kanya. "For you." anito, sabay abot ng phone sa kanya.

"Sino raw?"

"Si Stephen." Umismid pa ito.

"I don't want to talk to him. Break na kami," simpleng sagot niya.

Hindi nagulat si Agnes sa nalaman. "Bakit?" tanong nito.

"I saw him with another woman, si Olivia, 'yung bargirl sa isang first-class club sa Makati," aniya.

Napatangu-tango ito at walang sabi-sabing ibinaba ang telepono. "Buti naman at napag-isip-isip mong inutil din ang lalaking 'yan. Pare-pareho sila. Kayamanan at katawan lang natin ang gusto nila; mga gold diggers!" anito. Napangiti silang pareho sa komentong iyon. Nakakailang hakbang pa lang ito sa hagdan nang lingunin siya. "And Gaby..."

"What?"

"Change that dress. Para kang prostitute sa ayos mo."

Hindi niya malaman kung comment iyon o insulto pero bago pa nakasagot ay iniwan na siya nito. Pinasadahan niya ng tingin ang sarili at napakunot-noo. Maayos naman ang suot niya at komportable sa shorts at blouse.

Not all that Agnes wants, Agnes gets. I've stopped trying to please you, my dear sister, naisip niya bago umakyat ng sariling silid.

KINABUKASAN, kumakain sila ng almusal sa komedor nang may ibalita si Agnes.

“Pack your things. Sa makalawa’y pupunta tayo sa Sta. Catalina at magbabakasyon doon ng isang buwan,” sabi nito.

Napatigil sa pagnguya si Gaby at napatitig sa kapatid.

“You heard me right. Pupunta tayo sa hacienda natin sa Sta. Catalina.”

Uminom muna siya ng tubig bago sumagot. “It’s strange kung bakit ngayon mo pa naisipang pumunta sa hacienda. After eighteen long years! As far as I can remember, you never wanted to go back there. Why the sudden change of mind?”

Ibinaba nito ang kubyertos. “Wala kang pakialam kung bakit gusto kong pumunta doon. Basta’t pag sinabi kong pupunta tayo, pupunta tayo. Tapos.”

Kumibit-balikat siya saka ipinagpatuloy ang pagkain nang may maalala. “Akala ko ba’y nasabi sa testamento na ang buong lupain natin ay nakasanla at wala nang natira sa atin bilang pamana ng Papa. Ano pa’ng babalikan natin d’on?” Hindi sa ayaw niyang pumunta sa probinsya nila. Honestly, noon pa niya gustong pumunta roon; wala nga lang oras at saka ayaw ng ate niya kaya wala siyang nagawa. Marami

lang katanungan ang pumapasok sa kanyang utak.

“Nasabi rin sa testamento na ang lahat ng lupain natin ay nakasanla maliban sa villa kaya maiiwan 'yon sa pangalan natin. Naiintindihan mo na?” sarkastikong sagot nito.

Hindi siya ngumiti o tumango. Kung kausapin siya nito ay parang tanga siya. Kahit kailan ay wala itong konsiderasyon sa damdamin niya. Someday, she would run out of patience.

Tahimik silang kumakain habang malalim na nag-iisip si Gaby kung ano ang dahilan at biglang naengganyo ang ate niya na pumunta sila sa hacienda. Habang nag-iisip ay bigla na lang siyang kinabahan. Kakaiba ang kaba niya; hindi dulot ng takot o nerbyos kundi anticipation. Kung bakit ay hindi niya alam pero may pakiramdam siyang may mangyayaring kakaiba sa bakasyon nila. She trusted her instincts. Kailangan lang niyang maghintay.

Be patient, Gabriella. Be patient....

CHAPTER THREE

Rancho Guevarra.

Napatuwid ng upo si Gabriella nang makita ang nakaukit na iyon sa arkong kahoy papasok sa dati nilang hacienda. Alam niyang hindi na kanila iyon pero nang makita ang karatula, gumuhit sa kanyang alaala ang pamilyang itinaboy ni Agnes sa burol ni Don Alejandro. Pinaratangan nitong pinatay raw ni Don Ignacio Guevarra ang kanilang ama. Kahit bata pa siya noon at hindi nakita ang mga pangyayari ay hindi siya naniniwala na totoo ang paratang ng kapatid. Hindi niya alam kung bakit, but her instincts told her otherwise—mababait ang mga Guevarra at di gagawin ang kasuklam-suklam na bagay na iyon. At mukhang ngayon ay kanila na ang buong hacienda.

She was taken aback and her breath got caught in her throat upon seeing the wonderful sight of a spacious field, carpeted with green and lush grasses, and dotted with trees. The sky was amazingly blue like the sea. Ang kabundukan ay natitiyak niyang hindi pa nagagalaw ng teknolohiya ng mundo. Sa

damuhan ay nagkalat ang iba't ibang wild flowers in different colors.

Daan-daan ang mga nanginginaing baka at kambing sa kaparangan. Napakarami ng mga iyon at sigurado siyang ang nagmamay-ari ay habang-buhay na mamumuhay sa katiwasayan sampu ng angkan nito. She was mesmerized by the sight. Buti na lang at tulog ang ate niya sa sinasakyan nilang *Nissan Terrano*, kung di ay baka na-criticize na naman siya nito at sabihing: "Act your age, Gaby. You're so childish."

Ibinaba niya ang window; pumasok ang malamig at amoy-pinipig na simoy ng hangin sa loob ng sasakyan. Gumalaw si Agnes pero hindi niya ito pinansin; masyado siyang occupied sa mga nakikita. Mayamaya pa ay natabingan ang meadow ng malawak na niyugan at sa likuran nito, she could hear the splashing of waves on the shore. How majestic! She wanted to jump out of the car at that very moment, strip off her clothes and run to the blue waters of the sea.

Ngayon niya pinagsisisihan kung bakit noon lang sila nakabalik sa dating lupain and her greatest regret was that, hindi na kanila ang lahat ng biyayang iyon. Napakasuwerte ng mga Guevarra. They were

surrounded by the beauty of nature. At least ay may opportunity siyang balik-balikan ang lugar na iyon kahit kailan niya gustuhin dahil mayroon silang matutuluyang villa. She could call the place home. Kung siya ang papipiliin, ipagpapalit niya ang mansyon nila sa Makati sa lugar na iyon. Bakit ba kasi ngayon lang naalala ng ate niyang bumalik kami rito? Hindi niya tuloy malaman kung ipagpapasalamat niya ang pagkakaroon ng problema ng kapatid dahil kung di roon ay di sila makakabalik dito.

Tiningnan niya ang natutulog na kapatid. Agnes looked peaceful when asleep inspite of the fact na hindi mawala-wala ang kunot sa noo nito. Napailing at muling napatingin sa karagatan. Nakadama siya ng panghihinayang nang hindi na iyon makita dahil natabingan na ng makakapal na kakahuyan. Napabuntunghininga siya at isinara na ang malinaw na salamin. Ni hindi niya alam na may karagatan pala sa parteng iyon ng *Hacienda Montevera* na ngayon ay *Rancho Guevarra* na.

Parang birong paulit-ulit na umuukilkil sa kanyang isipan ang apelyido ng nagmamay-ari ng rancho. Lumitaw sa kanyang balintataw ang isang pares ng maiitim na mata—coal black eyes.... The eyes of a young boy that stared at her. Si....

Bago pa niya masagot ang sariling katanungan ay naramdaman niya ang pagyugyog ni Agnes sa kanya. “Wake up, we’re here,” anito.

Naalimpungatan si Gaby. *Nakaidlip pala ako*, sa isip ay nasabi niya saka pupungas-pungas na naupo nang maayos upang mabuksan ang pinto ng sasakyan. Nanlalabo pa ang mga mata niya nang tumambad sa kanyang paningin ang villa.

Panahon pa ng Español ang bahay pero kahit halata ang kalumaan ay malinis pa rin ang paligid. Nakabukas ang lahat ng capiz na bintana pati na ang sa may terrace. Naaalala niyang iyon ang kuwarto ng kanilang mga magulang; ang nasa right side ay ang kanya at sa left naman ang sa kanyang ate. Kahit papaano ay naaalala pa niya iyon dahil tumira siya roon for seven years.

Naramdaman niyang tinapik siya ni Agnes sa hita. Lumilipad na naman ang kanyang isip. “Ano ka ba naman? Kung hindi ka pa napapagod diyan, bahala ka. I’ll go inside and take a warm bath. God, I feel so sticky!” angal nito. Sinalubong ito ng ilang katulong na siyang nagbitbit ng mga maleta nito. Nagtataka siya kung bakit nagkaroon sila ng katulong; ang kasama lang nilang pumunta roon ay ang driver na si Mang Nicanor. Pinili niyang huwag

na munang magtanong. Bumaba na rin siya nang makita ang mga maleta niyang bitbit na ng dalawang katulong.

“Ako na,” aniya at akmang kukunin ang isa sa mga iyon nang tumanggi ito.

“Naku, Señorita! Kami na lang po at masyado kayong pagod sa biyahe. Mas mabuting magpahinga na lang kayo at ipaubaya n’yo sa amin ito. Maligayang pagbabalik nga rin po pala, Señorita,” bati nito sa puntong Bisaya at ginaya ng isa pa ang pagbati.

“Salamat. Pagbibigyan ko kayo ngayon na bitbitin ang gamit ko dahil nga pagod ako pero next time, hindi na pupuwede sa akin na kayo na lang ang gagawa ng mga gawain dito. Hindi ako señorita at huwag n’yo akong tatawaging ‘Señorita’ kailanman. Nagkakaintindihan ba tayo?” magalang at maayos niyang tanong at nginitian ang dalawa na nangingimi pa sa kanya. Kailangang ngayon pa lang ay ipaintindi niya sa mga kasambahay na lahat sa kanya ay pantay-pantay.

Magsasalita sana ang isang katulong nang biglang nambulabog sa kanilang pag-uusap ang kanyang kapatid.

“Gaby, ano ba? Bilisan mo nga diyan!” hiyaw

nito at binalingan ang mga katulong. “Kayo diyan, hindi kayo binabayaran para makipagtsismisan. Magtrabaho nga kayo!” awtomatikong singhal nito; nasanay na itong sinasalubong at pinagsisilbihan ng mga katulong kaya di na nagawang magtaka kagaya ni Gaby.

Napayuko ang dalawang katulong at magalang na nagpaumanhin. Bago makaalis ang dalawa ay humingi rin siya ng tawad sa ipinakita ng kapatid.

GABRIELLA FELT REFRESHED after having taken a warm bath the next morning. She dried her wet, deep brown, layered hair with a towel she got from the closet. Inikot niya ng tingin ang dating silid noong bata pa siya at napansing may ilang pagbabago roon. Ang kurtina ay halatang bago at mayroon na ring pink wallpaper na bulaklakin ang mga dingding. Pero ang mga kagamitan ay di naalis lalo na ang four-poster bed na nasa gitna ng silid. Para siyang prinsesa sa kamang iyon. Nasisiyahan siya at napanatiling malinis at maayos ang kanilang pamamahay.

Naalala na naman niya ang tungkol sa pagkakaroon nila ng mga katulong sa villa na labis na nakakapagtaka. Eighteen years na walang tao roon....

Napatigil siya sa pagsusuklay ng buhok nang marinig ang sigaw ng kapatid sa sala. Napakunot-noo siya.

“Why, you bastard!” tungyaw nito. “Get out of my sight! Bumalik kayo sa amo n’yo!”

Gaby had heard enough. Bumaba na siya upang tingnan kung ano na naman ang problema ng kapatid. “What’s the matter?” tanong niya na nasa kalagitnaan pa lang ng hagdan.

Nakakuyom ang kamao ni Agnes, naniningkit ang mga matang nakatutok sa pinto. Sinundan niya ng tingin ang matandang lalaking may dalang panggupit sa halaman. Bagsak ang mga balikat nito pero halatang nagpipigil ng galit.

“Who’s he, Ate?” tanong niya ulit.

“Isa sa mga hardinero,” inis na tugon nito at nagdadabog na naupo sa pang-isahang sofa.

Lumapit siya rito pero nanatiling nakatayo.

“Ano’ng kailangan niya?”

“Pinapunta ko siya rito, tinanong ko kung bakit nagkar’on ng mga katulong dito. Hindi nga ba’t ang pagkakaalam natin, wala nang naiwan sa villa nang umalis tayo? Isa pa, sa tagal ng panahon na wala tayo dito, walang magbabayad sa kanila. I asked the old man kung meron man o sino ang nagbabayad sa suweldo nila. Guess kung sino?” Nanggigil ito sa

matinding galit.

“Who?”

“Ang mga Guevarra. Si Juan Ignacio Guevarra!” putul-putol at mariing sagot nito. “Bakit ba ang hilig niyang makialam? Damn the man!” she cursed and kicked the center table. Muntik nang mahulog ang vase na naroon.

“Ha? Biruin mo ‘yon, for eighteen years, sila ang nagbabayad sa mga katulong natin para lang mapanatiling maayos at maganda ang villa. Ate, they are just being kind.”

Nanlisik ang mga mata nito. “Hindi ko kailangan ang generosity nila! Kayang-kaya kong bayaran kahit isang batalyon man ng mga katulong. My God! Isipin ko pa lang na may utang-na-loob tayo sa—”

Pinutol niya ang paglilitanya nito. “Ate, pride lang ‘yan. Mas mabuti nga ‘yon, hindi ka na naabala sa pagbabayad ng suweldo ng mga tao dito. You should be thankful. At saka wala ka namang kaalam-alam na may mga nangangalaga pa pala dito noon kaya walang rason para bayaran mo sila.”

Napatayo ito at saglit na nag-isip. “Well, you’re right. Mabuti nga na sila ang namroblema sa pag-maintain nito. Pero hindi pa rin nagbabago ang pagkakakilala ko sa kanila.” Pinagkrus nito ang mga

braso sa dibdib, her eyes burning with anger.

Napakunot-noo siya. "Bakit mo naman nasabi 'yan?" she asked. Sa kanyang pagtataka, tinapunan siya nito ng matalim na titig. If looks could kill, nakahandusay na siya sa sahi.

"Ang dali mo namang makalimot, Gabriella! Eighteen years na ang nakakalipas pero hindi ko pa rin nakakalimutan ang ginawa ng mga Guevarra sa atin. Natanim 'yan dito," turo nito ang tapat ng puso, "at dito," ang ulo naman ang itinuro. "Galit ako sa kanila at ipinangako kong ipaghihiganti ang pagkamatay ng Papa. Pinatay nila ang ama natin, Gaby! Si Ignacio ang dahilan kaya inatake sa puso ang Papa. Namatay siya sa kandungan ko." Nabasag ang tinig ni Agnes sa pagkakaalala sa nakaraan.

Naghalo ang galit at sakit ng loob sa mga mata nito at nabaghan si Gaby. Hanggang ngayon pala ay nakatanim pa rin ang galit ng kapatid sa mga Guevarra kahit hindi na dapat. Matagal na niyang ibinaon sa limot iyon dahil hindi siya naniniwalang ganoon nga ang nangyari; kahit ang Auntie Mae nila ay kinalimutan na rin iyon.

"Kahit hindi ko nakita ang pangyayari, Ate, I know in my heart na hindi totoo 'yon. Kalimutan mo na ang poot at galit sa mga Guevarra; walang saysay

ang maghiganti.”

Matiim siyang tinitigan nito. “Hindi ko makakalimutan ‘yon lalo na ngayon. Alam mo kung bakit?” Napakunot-noo siya. “Dahil napag-alaman ko na sila ang bumili sa buong hacienda natin. Sila na ang nagmamay-ari ng buong *Hacienda Montevera*. Kaya tayo nandito ay dahil d’on. Naiintindihan mo ba ‘yon? Inagaw nila ang atin!” mahina ngunit mariing pahayag nito habang unti-unting humahakbang palapit sa kanya.

She then understood kung bakit nag-hysteria ang kapatid niya noong isang araw. She took a step back. “Ate, don’t be selfish. Mayaman na tayo. Aanhin ba natin ang lugar na ito? Ni hindi nga natin alam kung paano mag-alaga ng baka at kabayo. Leave that to them. Tatal naman, mukhang progresibo ang hacienda sa kamay nila. Obsession lang ‘yan,” walang anumang sagot niya.

Lalong nanlisik ang mga mata nito. “No! Hindi ako makapapayag! Atin ang hacienda! Atin!”

“Oh, dear!” Animo’y nawawalan na siya ng pag-asa sa kausap. “Ano ba talaga’ng gusto mong mangyari, ha, Ate?” iritado na rin niyang tanong.

Ngumisi ito nang makahulugan na sa tingin ni Gaby ay ngisi ng demonyo. “Lisa lang naman ang

gusto kong mangyari—ang mabawi ang hacienda sa kanila by all means. Alam kong mahal nila ang lupaing ito kaya sa oras na makuha ko ang dating atin, para na rin akong nakaganti,” determinadong sagot nito.

Napabuntunghininga siya. “I don’t want to have this senseless conversation anymore.” Tumulikod na siya.

“Where the hell do you think you’re going?” habol nito.

“Anywhere,” sagot niya.

Hindi na niya nakita ang namumulang mukha nito. Ang huling sinabi na lang nito ang narinig niya: “Come back here!”

Hindi niya ito pinansin at nagpatuloy sa paglalakad papalayo sa kanilang villa. Gusto niyang makaramdam ng kalayaan malayo rito. Mamamasyal siya sa buong hacienda. Sa tingin niya ay nasa mabuting kamay ang dati nilang lupain at kailangan niyang mapatunayang deserving ang mga Guevarra sa pagbili sa *Hacienda Montevera*.

CHAPTER FOUR

Mula sa may talampas sa gilid ng bundok, may isang nilalang na nakatanaw sa buong lupain. Kita niya ang lahat mula sa kinaroroonan. Muli, nilibot ng kanyang mga mata ang lahat ng parte ng teritoryo nila na libu-libong ektarya ang lawak. Mayroong rice, sugarcane and corn plantations, orchard, poultry, piggery at malawak na niyugan na malapit sa may tabing-dagat, ang *Vista Leonora*, galing sa pangalan ng kanyang ina. Lahat iyon ay parte ng hacienda. Their ranch sustained thousands of Hereford cattle and Arab stallions. Their land included five springs and an underground river that supplied water all over the valley.

Sininghap niya ang malinis na simoy ng hangin. He knew that harvest time was near. Someday, lahat ng lupaing iyon na abot-tanaw niya ay mapapasakanya. Lahat iyon ay mamanahin niya dahil nag-iisa siyang anak ni Ignacio Guevarra. Siya si Antonio Guevarra.

He loved his life. Malaya, malayo sa gulo ng mundo at walang boss o supervisor na magtatali sa

kanya sa upuan at harap ng computer. Mas gusto niya ang mag-alaga ng mga baka at magpatakbo ng kabayo at di niya ma-imagine ang sariling pumapasok sa isang building, nakasuot ng business suit and carrying an attaché case. He frowned at the thought. Lahat ng layaw niya ay nasunod at nakapag-aral pa sa pinakamalaking universidad ng London, England kung saan nakapagtapos siya with honors.

Walang siyang problema pagdating sa mga babae. He could proudly declare to the world that he did not know how to woo a woman dahil siya ang hinahabol ng mga ito since the day he crawled out of his crib. Women were everywhere saan man siya magpunta. Alam niyang malakas ang charm niya sa mga babae because of his looks and money.

For the past few years, women were just for fun for him. He used them to satisfy his lust, and he knew the pleasure he gave them in bed. Nakinabang din sila. But he was already thirty-one and still single. Ngayon niya nararamdaman ang pangungulila at pag-aasam na dumating na ang tamang babae sa kanyang buhay; someone he would love and would love him for the rest of his life; someone who would always stay with him; someone he could reach out to anytime.

But first, he needed to be in love, but how? He had never felt that way towards any woman. Funny, what was he doing here in their ranch? Dapat ay nasa Maynila siya at inaasikaso ang negosyo nilang *Guevarra Meat Products Corp.* at iba pang business. Ang totoo, hindi siya makatagal sa Maynila. Isa pa, nalaman niyang darating si Yvonne, ang dati niyang girlfriend na isang Grecian. Sigurado niyang siya ang pupuntahan nito kaya iniiwasan niyang pumunta ng siyudad. At pangatlo, nasasakal na siya kay Deborah, ang current girlfriend niyang half-American, half-Italian. Sobrang selosa at possessive ito. Pulos kapritso lang ang alam nito sa buhay. Ngayon pa lang ay nasisigurado na niyang hindi isa sa mga ito ang pakakasalan niya. Pero paano niya makikita ang kanyang destiny?

Before he could answer his own questions, nahagip na ng kanyang mga mata ang isang babaeng naglalakad papasok sa kanilang rancho. Napakunot-noo siya. May bisita ba kami ngayon? Baka naman nasundan na ako ni Deborah o ni Yvonne dito?

Umiling si Antonio. Hindi maaaring si Yvonne iyon dahil blonde ang buhok nito at hindi rin naman si Deborah dahil medyo kulay pula ang buhok nito sanhi ng hair dye while this one had natural, deep

brown hair at kahit malayo ay alam niyang flawless ang ivory skin nito. Never in his life had he seen a woman walking in a field wearing a miniskirt and sleeveless blouse. Her beauty was enchanting.

From where he was standing, he was having difficulty in breathing; his heart started beating fast. He was acting like a schoolboy. It was a strange feeling and it scared the hell out of him!

Napahugot siya ng hininga nang makita kung saan papunta ang babae.... Sa loob ng rancho nila sa may kulungan ng mga toro!

Toro? Bullshit! Napamulagat siya at nagsimula na namang bumilis ang tibok ng puso. Kung dahil sa kakaibang nadama o dahil sa kinakabahan siya sa panganib na puwedeng mangyari sa babae ay di na niya alam. Basta ang nasa isip niya ay ang iligtas o ilayo ito sa nakaambang na panganib. Muli siyang kinabahan at pabiglang hinila ang renda ng kanyang kabayo, si Speed.

“Faster, Speed! Kailangang maabutan natin siya before it’s too late!” sigaw niya sa kabayo na parang nakaintindi sa sinabi ng amo at ginawa ang pinakamabilis na takbo. They must get to her as quickly as possible....

ALIW NA ALIW sa pamamasyal si Gabriella. Para siyang batang namimitas ng mga bulaklak sa kaparangan. Walang katau-tao roon kaya inakala niyang safe siya. Lumiko siya sa lugar na madamo at mabato sa pag-aakalang mas marami pang bulaklak doon. Mayroon nga ngunit bulaklak ng damo. Babalik na sana siya nang mapansing hindi niya alam kung saan siya nanggaling. *Naliligaw na yata ako...!* Napakagat-labi siya at sisimulan na sana ang paghakbang nang makarinig ng parang dumadagundong, like the beating of a hundred drums or the roar of thunder. Nilingon niya kung saan galing iyon at para siyang namamalikmata nang makita ang isang sumisingasing na toro na papalapit sa kanya!

Nabitawan niya ang pumpon ng mga bulaklak at tinangkang tumili o di kaya ay ihakbang ang mga paa palayo ngunit di siya makagalaw at walang boses na lumabas sa kanyang lalamunan. Nanlalaki ang kanyang mga mata sa matinding takot. Her eyes caught the sharp tip of the bull's horn at naisip niyang sumaksak iyon sa kanyang dibdib. She did not want to die like that!

Papalapit nang papalapit ang toro, ilang metro na lang ang layo sa kanya. *Hey, Gaby! Mamamatay ka*

na! Shout for help before it's too late! her mind cried out. Susubukan na sana niyang sumigaw nang makarinig ng iba pang mga yabag. Ayaw na niyang siguraduhin kung ano ang nagdudulot niyon dahil sa kaba na baka isa pang panganib.

Before she could close her eyes, naramdaman na lamang niyang may dumaklot sa kanyang baywang and she was lifted off the ground. Nanlalaki ang mga mata niya at inakalang nilipad na ng hangin ang kanyang kaluluwa. But, no.... Nakita niyang ang torong papalapit sa kanya kanina ay nakahiga na sa damuhan, dumudugo sa may bahagi ng leeg kung saan ay may nakatarak na punyal. Her mind must be playing tricks on her, but she felt alive. She was saved!

Parang noon lang niya naalalang tumili at mag-iiyak kung kailan naramdamang para siyang nakasakay sa kabayo. Due to shock and fright, wala siyang magawa kundi magsisigaw at mag-hysteria. Hindi naman malaman ng nagligtas kung ano ang gagawin sa kanya. He knew she was so terrified kaya nang makabawi sa pagkabigla ay nagtititili.

"Calm down, calm down. You're safe now, everything will be all right," Antonio said in his most tender voice. Ayaw nitong lalong matakot ang

babae or else ay mahuhulog sila sa kabayo. Pero para namang bingi si Gaby at nagpatuloy sa pag-hysteria; her eyes wide from panic. Hindi niya namalayang kumapit siya nang mahigpit sa matipunong bisig ng nagligtas sa kanya.

The man was amused na kapag natatakot pala ang babae ay parang dagang nagsisiksik sa isang sulok. Para rito, he felt like Superman, a knight in shining armor dahil niligtas niya ito. At the same time, hindi niya malaman kung paano ito pakakalmahin.

Napatitig siya sa mga labi nito; they looked so soft and sweet. He wondered how her lips felt on his own. Yes, iyon ang gusto niyang gawin—give the lady a passionate kiss nang sa gayon ay matauhan ito at tumigil na sa katitili. Before he knew it, his lips were touching hers. The sweetness of her lips took his breath away.

Kung kanina ay nanlalaki ang mga mata ni Gaby dahil sa shock, ngayon ay nanlalaki ang mga iyon dahil naramdaman niya ang paglapat ng labi ng estranghero sa kanyang labi. She was electrified and stunned. Gusto niyang itulak ang mapangahas na tagapagligtas... o hero nga ba itong matatawag? Why, the man was so presumptuous! Hindi dahil sa niligtas

siya nito ay may karapatan na itong humalik sa kanya! She tried to cry out in protest pero nagmistula na lamang iyong ungol when she suddenly felt his tongue probing the inside of her mouth.

For a long moment, she felt feverish and her knees turned to jelly. Instinctively, she closed her eyes and kissed him back with equal passion. He groaned so loud she thought he was hurt.

Binagalan ni Anton ang pagpapatakbo ng kabayo nang maramdaman ang kapusukan ng babae. Hindi nito inaasahan iyon. Ang gusto lang naman niya ay kahit damping halik lang para mapatahimik ito. O iyon nga lang ba ang gusto niya? naitanong niya sa sarili. He held on to her waist and embraced her tightly while her hands gripped his nape. Though he found it extremely hard, he forced himself to stop kissing her. She opened her eyes and stared at him.

Na-shock si Anton nang matitigan ang babae. He knew he saw her before....

Hinihinal pa si Gaby nang mapatitig sa mga mata ng binata. Those eyes, as black as coal, so intense and intimidating. How could she forget those eyes, the eyes of a child. Pero siya nga ba si.... Bago pa niya masagot ang sariling tanong ay nakita na niya ang pagtaas ng sulok ng labi ng lalaki. He seemed

amused. Naramdaman niyang umakyat sa mukha niya ang dugo and she felt cheap. Para mapagtakpan ang kahihyan, nagpakita siya ng galit at pagkamuhi.

“Put me down right now!” mariing utos niya na sinamahan pa ng pagtalim ng mga mata para mapagtakpan ang panginginig. Lalo lamang namuse ang lalaki at ngumiti nang pilyo habang tahimik na nagpatakbo ng kabayo. “I said put me down, Mister! Hindi ka ba makaintindi ng Ingles? Ibaba mo ako ngayon din!”

Napatawa si Anton at muli siyang tinitigan. “What’s your name?” tanong nitong binale-wala ang utos niya.

“Wala kang karapatang malaman ang pangalan ko. Kahit pa ikaw ang nagligtas sa akin, o niligtas mo nga ba ako?” nanghahamon niyang tanong.

“Yeah,” palatak nito. “I saved you from certain death, Miss. In spite of your stubbornness, I have the right to know your name hindi lang dahil sa niligtas kita. You know what I mean....” Muling nanudyo ang ngiti nito, pinapaalala sa kanya ang mainit na halikan nila ilang minuto pa lang ang nakakalipas.

“What happened was just.... I reacted instinctively because... because....” paputul-putol na simula niya. “Sinamantala mo ang paghi-hysteria ko pero wala

kang karapatang gawin 'yon. At lalong hindi dahilan para malaman ang pangalan ko." Pakiramdam niya ay nagba-blush na naman siya.

"How ungrateful!" he cried out at tumingin pa sa kalangitan. "Dapat pala'y pinabayaan ko na lang ang babaeng ito sa toro. Masyadong matalas ang tabas ng dila."

Nag-init lalo ang mukha ni Gaby. "How dare you! Ibaba mo ako ngayon din! Hinding-hindi ako magpapasalamat sa 'yo!" Nagpapapalag na naman siya.

"Talaga bang gusto mong ibaba kita?" tanong nito, still amused.

"Ba't ba ang kulit mo?" inis na bulyaw niya. Gusto na talaga niyang magtatakbo sa kahihyan. Hindi sumagot ang lalaki at sa halip ay pinakatitigan siya. Nagtataka siya kung bakit mukhang na-a-amuse ito sa kanya at saka lang niya napansin na nakakapit pa rin ang kanyang mga kamay sa batok nito. Kanina pa ba iyon? Ba't di niya napansin? Parang napasos na bigla niyang inalis ang mga kamay roon pero kailangan niyang kumapit dito dahil baka mahulog siya sa kabayo. Kumapit siya sa damit nitong long-sleeved na puti. Nagtatatawa ang lalaki habang siya naman ay namumula na sa kahihyan.

“Huwag ka nang mahiya. Kanina ka pa nakayakap sa akin,” pang-aasar nito.

Inirapan niya ito. “Kahit kailan ay ayokong kumapit sa ‘yo, Hudas!” sigaw niya. “Makababala lang ako dito, hinding-hindi ko nanaising makita ang pagmumukha mo,” bubulung-bulong na sabi niya.

Ngunit nakarating iyon sa pandinig nito. “Kung makakababa ka pa. Iuuwi na kita sa bahay,” birong-totoong sabi nito. Hindi nito alam kung bakit nito nasabi iyon. He felt... possessive. Hinila nito ang renda at pinatakbo nang mabilis ang kabayo na halos ikahulog ni Gaby.

Wala siyang magawa kundi ang kumapit sa may dibdib ng binata. Nakabukas ang tatlong butones ng polo nito at nakikita niya ang mga balahibo sa matipuno nitong dibdib. Pinag-initan siya ng mukha, the scent of his masculine cologne reached her nose. Oh, this man is a devil! A gorgeous devil!

Kailangan niyang makatakas dito. Sinabi nitong iuuwi siya sa bahay nito at di na siya makakaalis pa. Ibig sabihin ay gagawin siyang kept woman, a mistress! Kailangang makatakas siya. Tiningnan niya ang dinaraanang lugar; masyadong mabilis ang takbo ng kabayo at kung tatalon siya ay siguradong masasaktan siya at maaabutan pa siya nito. What am

I going to do?

Parang nabasa nito ang kanyang naisip. "Don't think you can escape from me. I'll take you home with me. Then tonight, you can thank me for saving you..." makahulugang sabi nito.

What does this man think of me? Bayarang babae? Damn him! nanggigil niyang naisip. Mayamaya ay may pumasok na idea sa utak niya. Saglit niyang tinitigan ang braso nito. Mukhang hindi niya kaya but she must take the risk. It is now or never! Bago pa lubos na mapag-isipan kung ano ang gagawin, kinagat na niya ito nang pagkadiin-diin sa braso.

Halos mapahiyaw ito at dahil sa sakit ay hinila nito ang renda ng kabayo kaya huminto iyon sa pagtakbo. Nakakita ng pagkakataon si Gaby at kaagad na tumalon mula sa kabayo at tumalilis ng takbo habang nagmumura at dumadaing si Anton sa sakit ng pagkakakagat niya.

"Hell! Come back here, you witch! Dammit!" daing nito habang sapu-sapo ang kinagat na braso. Itinaas nito ang manggas ng polo at tiningnan ang lalim ng kagat. Di gaanong malalim iyon pero mahapdi at dumurugo.

Tatawa-tawang tumakbo papalabas ng kagubatan si Gaby. Mabuti na lamang at naaalala niya ang daang

iyon; nakikita na niya ang terrace ng kanilang villa. Malapit na siya sa kanyang kaligtasan o iyon nga ba ang nadarama niya? Mas feel niyang safe siya sa mga bisig ng lalaki at nakakapagtakang nakaramdam siya ng panghihinayang nang tumakas mula rito. Nalasaan niya ang dugo sa kanyang labi at dinama iyon sa daliri. *Oh, my God! Nasaktan ko siya!* Napahinto siya sa pagtakbo at gusto sanang bumalik pero nakadama ng takot na baka galit sa kanya ang lalaki at pagbayarin siya sa nagawang kasalanan. Tumakbo siyang muli.... papalayo rito. Malapit na siya sa villa. Hindi niya napansin na umiiyak na pala siya.

Nasa gate pa lang siya ng bakuran ay sinita na siya ng nakapamaywang na si Agnes. "Where have you been?"

She did not answer her sister but instead ran as fast as she could until she reached her room. Gusto niyang magkulong at umiyak. Hindi niya alam kung para saan ang mga luha niya, basta she felt confused, scared and sorry at the same time for her vulnerability. Alam niya, hindi siya dapat na maapektuhan ng estranghero o ng halik nito. Isa lang itong lalaki tulad ng mga nakilala niya—dapat kamuhian, iwasan at di dapat pagkatiwalaan.

Humabol pa ang kanyang kapatid na nagtataka

kung bakit siya umiiyak at nag-lock sa silid. Narinig niya ang katok nito sa pinto. "Leave me alone, will you? Leave me alone...." daing niya habang impit na umiiyak.